# 外国につながる子どもたちの

# 進路開拓ガイドブック

Daan patungo sa minimithing pangarap para sa mga kabataang banyaga "Guidebook"

## つなぐ・ひらく・未来２

Hawak kamay・Pag-unlad・Pangarap 2

Summarized Version
フィリピン語 Filipino



# Panimula

Ginawa itong Guidebook para sa mga Junior・Senior High School Students na nagpa-plano ng kanilang gustong gawin sa hinaharap. Ikinagagalak namin kung ito ay makaka-tulong sa inyong pag-plano.

## ◎ Ang pag-paplano ng sariling landas ay...

Ang guidebook na ito ay pwedeng gamitin para mayroon ideya sa kung「Anong gusto mong gawin (Self-actualization) at sa pag-plano ng iyong nais gawin sa hinaharap at mga pwedeng gawin para ito ay matupad. Sa pagpa-plano ng sariling hinaharap, mas importante ang pagkakaroon ng「Outlook/pananaw」. Hindi lamang pag-papatuloy ng pag-aaral o pag-tatrabaho ang dapat maging layunin natin sa buhay. Ngunit ito ay isang importanteng proseso. Gamitin ang guidebook na ito para pag-planuhan ang sariling landas na tatahakin.

## ◎ Ano-ano ang mga nakasulat?

Matapos makapag-tapos ng JHS, nakasulat dito ang iba't-ibang impormasyon tulad ng kung saan at ano ang dapat pag-aralan na magagamit mo sa iyong pagta-trabaho sa hinaharap, mga nilalaman na dapat pag-aralan, mga pwedeng maging trabaho sa hinaharap, istraktura ng entrance exam sa SHS o Unibersidad at mga gagastusin sa pag-papatuloy ng pag-aaral.
Gayundin, upang matulungan na magkaroon ng pananaw sa hinaharap, mayroon din nakasulat sa guidebook na mga kwento galing sa mga SHS Students・College Students at mga nagta-trabahong mga *Senpai*. Maraming mga *Senpai* ang nagpapayo at nag-sasabi na「Huwag sumuko」sa lahat ng mga mag-aaral.

## ◎ Paano ito gamitin?

Gamitin ang booklet na ito kasama ang guro ng paaralan o taga-suporta ng isang distrito, pag-usapan ito ng mabuti ng naaayon sa iyong opinyon o nararamdaman. Importante din na dapat ay hindi ka nag-iisa at may kasama ka sa pag-plano ng iyong pangarap.
Maaaring higit sa isa ang layunin sa hinaharap o maaaring magbago din ito. Mangyaring suriin o basahin ito ng ilang beses hangga't kinakailangan o sa tuwing mag-iisip ka tungkol sa pag-patuloy ng pag-aaral o pag-simula ng trabaho.

## ◎ Mga gustong ipa-alam sa madla

Sa Japan, may nakatakdang panahon ang Entrance Ceremony ng paaralan at pagsusulit para maka-pasok ng isang kumpanya. Dito sa Japan,kung ang graduation ay March 31, April 1 ang simula ng pagta-trabaho. Habang ikaw ay estudyante pa ng SHS o Unibersidad, mag-hahanap ka ng trabaho para sa iyong papasukan matapos mong makapag-tapos ng pag-aaral. Sa ngayon, ang mga istilo ng trabaho at pamumuhay ay sari-saring klase. Sa pamamagitan ng iba't ibang mga karanasan, maaari mong palawakin ang iyong mga posibilidad sa hinaharap. Umaasa kami na maipapakita mo ang iyong mga kakayahan at makakamit mo ang iyong minimithing pangarap.

★Tungkol sa「Original Version」at「Summarized Version」
Ang「Summarized Version」ay isang maikling pagsasalin ng kung ano ang gustong iparating sa mag-baba nito. Ang「Original Version」ay naglalaman ng partikular na impormasyon tulad ng iskedyul at mga gagastusin para sa pagpapa-tuloy ng pag-aaral. Mangyaring basahin at unawaing mabuti.

# Pag-isipan ang gustong gawin sa hinaharap

Mayroon ka bang gustong pag-aralan o gustong gawing trabaho? Para ito'y maisakatuparan, ang unang hakbang na dapat mong gawin ay malaman at pag-isipan ang iyong gustong gawin (Ipag-patuloy ang pag-aaral o mag-trabaho) matapos mong makapag-tapos ng pag-aaral.

## ◆ Pumunta sa Senior High School ◆

### ◎ Kung ipagpa-tuloy ang pag-aaral sa SHS・・・

**● Lalawak ang iyong pag-pipilian para sa iyong hinaharap**

Kung ikaw ay nakapag-tapos ng SHS, maaari kang kumuha ng pag-susulit para maka-pasok ng Unibersidad, Junior College o Vocational School. At maaari din dumami ang uri ng trabaho na pwedeng pasukan.

**● Magkakaroon ka ng panibagong kakilala**

Kung ikukumpara sa JHS mas malawak ang lugar na pag-titipunan ng mga mag-aaral, pagkakaroon ng mga bagong kakilala. At maaring makasama sa pagninilay o repleksyon para sa hinaharap na kinabukasan.

**● Maaari mong paghandaan ang mamuhay sa sarili mong paraan**

Ang pamumuhay ng isang SHS ay hindi lamang nakatuon sa pag-aaral ngunit dapat alam mo rin ang iyong pagkatao/personalidad, at mga bagay na magaling ka at mga kahinaan/weak point. At para sa mga taong walang tiwala sa sarili pag-dating sa wikang hapon, maaari mong pataasin ang iyong level sa loob ng 3 taon (4 na taon kung ikaw ay pumasok sa

part-time system learning) at maaari mong gamitin ito para madagdagan ang iyong kaalaman na pwede mong gamitin sa iyong sariling pamamaraan.

### ◎ Sa Senior High School ay・・・

**● Posibleng makag-aral ng ayon sa iyong kakayahan**

Depende sa SHS, mayroong mga full-time learning, part-time learning, at mga correspondence learning system, at magka-iba din ang oras at nilalaman ng aralin. Bilang karagdagan, ang ilang paaralan ay may mga espesyal na entrance examination, at may ilang paaralan ay may suporta na ibinibigay sa mga mag-aaral na nangangailangan ng suporta sa wikang hapon.

<Kaugnayan sa trabaho>

Ang porsyento ng mga taong nakahanap ng trabaho pagkatapos makapagtapos ng SHS sa Aichi Prefecture ay 17.5% ※1 Ang ilang paaralan ay may mataas na bilang ng trabaho na makukuha matapos makapag-tapos ng SHS at maaaring makakuha ng mga kwalipikasyon na kapaki-pakinabang para sa trabaho. Maraming paaralan ang may sapat na suporta sa trabaho. Kapag nakakuha ka ng trabaho, hindi lamang uri ng trabaho ang dapat mong alamin ngunit dapat ay may sapat na impormasyon ka tungkol sa kung paano ka makakapag-trabaho ng wasto at tama.

※1 Aichi Prefecture「Results of the Basic Survey on Schools in the 2nd Year of Reiwa」

## Pumunta sa Unibersidad, Junior College, Vocational School

### ◎ Ang Vocational School ay・・・

Sa pamamagitan ng praktikal na pagsasanay, matututunan mo ang「Teknolohiya」+「Kaalaman」na konektado sa isang partikular na propesyon. Masasabing inaasahang makakuha ng trabaho kaagad ang mga Beautician at Auto Mechanics sa pamamagitan ng pag-gamit ng mga kasanayan at kaalaman na natutunan sa Vocational School.

### ◎ Ang Unibersidad at Junior College ay・・・

Karaniwan sa 4 na taon, magsasa-gawa ng「Acquisition of a wide range of Upbringing」+「Specialized Research」. Matapos pag-aralan ang malawak na hanay ng mga academics, pag-aaralan mo ang bagay na gusto mo at bagay na may interes kang pag-aralan.

Ang Junior College ay kadalasan 2 taon. Mayroon din Junior College na katulad ng Vocational School na kung saan maaari kang matuto ng「Technology」+「Expertise」at makakakuha ng Nursery Teacher o Dietitian License.

Ito ay angkop para sa mga taong gustong isabay ang pagkuha ng kwalipikasyon.

＜Koneksyon sa pagta-trabaho＞

- Sa paghahanap ng trabaho, ang mga nagtapos sa unibersidad kaysa sa mga nakapagtapos ng high school ay maaaring mabigyan ng iba't-ibang uri ng trabaho galing sa iba't-ibang kumpanya. Para sa mga guro at doktor, kinakailangang kumpletuhin ang isang partikular na kurikulum sa Faculty of Education o School of Medicine ng unibersidad upang makakuha ng lisensya.
- Ang pag-aaral sa isang vocational school ay direktang nauugnay sa trabaho.
- Suriin ang katayuan sa pagtatrabaho ng mga nakapagtapos sa kursong kinuha at pag-isipang mabuti kung gusto mo ba talagang gawin ang trabaho.

＜Tungkol sa mga bayaran＞

Malaki ang gagamiting pera para sa pag-aaral sa Unibersidad o Junior College. Kung wala kang sapat na pera, maaari kang gumamit ng mga Scholarship at Educational Loan. Ngunit sa Japan, karamihan sa mga ito ay nangangailangan ng pag-balik ng perang hiniram. Talakayin ito ng mabuti kasama ang iyong magulang o pamilya.

# Pangunahing kaalaman para sa pagtatrabaho dito sa Japan para sa hinaharap

## Ano ang ibig sabihin ng pagtatrabaho sa isang kumpanya sa Japan?

Kapag kumukuha ng isang taong nakapag-tapos ng high school o unibersidad bilang isang full-time na empleyado ang isang Japanese company, pinipili nila ang isang taong「matutulungan nilang sanayin」at angkop na maging miyembro ng kanilang kumpanya. Sa isang kumpanya, lahat ay may sariling tungkulin na ginagampanan ang bawat isa. May mga paraan para makakuha ng trabaho tulad ng pag-ipon ng karanasan at pwedeng magamit ito para makahanap ng trabahong hinahangad

### ◎ Mga katangian ng mga regular na empleyado

**●Estilo ng pag-trabaho**

Ang mga full-time na empleyado ay walang nakatakdang katapusan ng kontrata kung kaya ay sinisiguradong magtatrabaho sila sa mahabang panahon.

**●Sahod at posisyon sa loob ng kumpanya**

Karaniwang pagtaas ng suweldo at promosyon (pagiging leader o tagapamahala)

**●Pagkakataon upang mapabuti ang sariling skills**

Kung ikukumpara sa mga *Haken-gaisha*, mas maraming pagkakataon na makakuha ng kaalaman at kasanayan sa loob ng kumpanya at lumago habang kumukuha ng mga bagong trabaho.

### ◎ Mga katangian ng hindi regular na trabaho (Tulad ng Haken-shain, Keiyaku-shain, Part-time at Arubaito)

**●Estilo ng pag-trabaho**

Ang「Haken-shain」at「Keiyaku-shain」ay limitado ang panahon ng pag-trabaho, at ang dami ng trabaho (oras) ay nagbabago depende sa kung mabuti o hindi mabuti ang lagay ng ekonomiya.

**●Sahod at posisyon sa loob ng kumpanya**

Kapag marami kang trabaho, maaari kang kumita ng higit sa isang batang full-time na empleyado, ngunit kapag kaunti ang iyong trabaho, maaari kang masuspinde dahil palapit na ang pagtatapos ng iyong kontrata at maaaring hindi ka mabigyan ulit ng trabaho. Madaling maghanap ng trabaho kapag bata pa, ngunit mahihirapan ka na kung ikaw ay tumatanda na

**● Pagkakataon upang mapabuti ang sariling skills**

Mayroong mas kaunting mga pagkakataon upang makakuha ng bagong kaalaman at kasanayan kaysa sa mga regular na empleyado.

## ◎ Tungkol sa paghahanap ng trabaho

Sa Japan, karaniwan na ang paghahanap ng trabaho (※2) habang sila ay nasa SHS at Unibersidad pa lamang. Bilang karagdagan, maraming mga newly graduate hire (※3) para sa mga full-time na empleyado hindi lamang para sa mga SHS kundi pati na rin sa mga nagpaplanong magtapos sa Unibersidad.

※2 Paghanap ng trabaho: Eksaminasyon sa trabaho para sa isang kumpanyang gusto mong pasukan

※3 Recruitment ng mga bagong graduate: Recruitment exam para sa mga taong mag-aaply sa kumpanya matapos makapag-tapos ng pag-aaral

### ●Paghahanap ng trabaho para sa mga estudyante ng SHS

Sa mga magta-tapos ng SHS, maghahanap sila sa listahan ng job vacancies na dumating sa kanilang paaralan, pumunta sa kumpanyang nabigyan nila ng interes, at magpasya kung aling kumpanya ang gustong pasukan. Tutulungan ka ng mga guro sa iyong paghahanap ng trabaho. Matapos makapasa sa pagsusulit sa trabaho, maaari kang magtrabaho bilang isang full-time na empleyado pagkatapos ng graduation.

### ●Paghahanap ng trabaho para sa mga estudyante ng Unibersidad

Karaniwang alamin kung anong uri ng kumpanya ang mayroon, isulat/ipasa ang mga dokumentong kinakailangan, at kumuha ng pagsusulit para maka-pasa sa trabaho. Maaari kang kumuha ng pag-susulit sa maraming kumpanya.

### ●Pag-hahanao ng trabaho maliban sa newly graduate recruitment

Kung nahihirapan kang maghanap ng trabaho habang nasa paaralan, o kung huminto ka sa iyong nakuhang trabaho pagkatapos ng graduation, maghahanap ka ng sariling mong trabaho. Mangyaring makipag-ugnayan sa *Hello Work.*

## ◎ Nasyonalidad /katayuan ng paninirahan at trabaho

May mga trabaho na kinakailangan ang Japanese nationality upang maka-pasok sa isang kumpanya.

Kung ang iyong status of residence ay 「*Kazoku Taizai*」 kinakailangan mong baguhin ito para makapagtrabaho ng full-time.


【Reference】

Nagoya Regional Immigration Services Bureau
Facebook

## Career Flow Chart

Kung napag-desisyonan mo na ipag-patuloy ang iyong pag-aaral, mayroong mga JHS o SHS teachers, support groups at public agencies na maaaring mapag-kakatiwalaan na maka-usap sa larangan na ito.

Maaari kang muling matuto kahit na ikaw ay nagsimula ng mag-trabaho!




*1 Hindi pwede sa Aichi *2 Check the foreign schools designated as high schools equivalents to the Japanese government.

*3 Suriin ang「Tungkol sa Mga Kwalipikasyon sa Pagpasok ng Unibersidad sa Japan」(Japanese, English). Mangyaring makipag-ugnayan sa bawat unibersidad tungkol sa mga dapat gawin para maka-kuha ng pag-susulit

*4 Ministry of Education I-kumpirma sa paaralan ng wikang Hapon na may Preparatory Curriculum





Guidebook para sa mga kabataang
may dugong banyaga sa pag-buo
ng sariling landas na tatahakin

Hawak-kamay・Pag-unlad・Pangarap2

Summarized
Version

Taon ng 2022（Reiwa Ika-4 na taon）Marso

【Nag-isyu】

〒460−8501
3-1-2
Tel：052-954-6138
Email：tabunka@pref.aichi.lg.jp

【Nag-plano at nag-edit】
NPO Torcida
【Pagsasaibang-wika】 Marjho Candelaria

